



Pinaalalahanan ng Lungsod ang mga residente na manatiling ligtas sa spring na ito

BRAMPTON, ON (Marso, 2021) – Sa mas mainit na klima sa pagtataya sa panahon, pinaalalahanan ng Lungsod ng Brampton ang mga residente na manatiling ligtas sa spring na ito. Ang pagbabago sa mga season ay naghahatid ng iba't ibang mga panganib na kailangang alam ng bawat isa.

Dahil sa sari-saring mga kondisyon na nakita sa winter na ito tulad ng mga debris sa ice storm, pagkakatipon ng niyebe at yelo at ngayon, paparating na ulan sa spring, sinasabihan ng Emergency Management Office ng Lungsod ang mga residente na may mas mataas kaysa karaniwang panganib sa pagbaha. Ang sumusunod ay mga pangkaligtasang tip sa pagbaha na pangunahing tatandaan:

- Tawagan kaagad ang 9-1-1 para sa anumang mga emerhensya na nangangailangan ng pulisya bombero o ambulansya. storm sewer grates o pagbaha sa basement, kontakin ang [311](#).
- Para mag-ulat ng mga antas Para magsumbong ng mga mataas na lebel ng tubig sa mga ilog at mga batis, kontakin ang [the Credit Valley Conservation Authority](#) sa pagitan ng 8:30 am hanggang 4:30 pm, Lunes hanggang Biyernes, at magtanong para sa Flood Duty Officer.
- Protektahan ang iyong pag-aari. Bago maganap ang pagbaha, tiyakin na nabigyan mo ang tubig ng daan para matanggal. Kung ligtas itong gawin, alisan ang harang sa iyong propyedad tungo sa pinakamalapit na catch basin o kalye para malayang makakadaloy ang tubig. Tanggalin ang labis na niyebe sa iyong propyedad. Tiyakin na natanggalan ng harang ang catch basins at ang downspouts.
- Kung magaganap ang pagbaha, huwag tangkaing patayin ang kuryente kung kailangan mong maglakad padaan sa tubig para gawin ito. Kontakin ang Alectra para patayin ang kuryente. Huwag na huwag tumapak sa isang silid kung saan ang tubig ay maaaring nadaiti sa mga outlet ng kuryente, mga appliance o mga kawad.
- Matapos humupa ang pagbaha, tiyakin ang wastong paglilinis ng iyong tahanan/ari-arian para maprotektahan mula sa mga pangmatagalang panganib kaugnay ng amag at pagtagas ng tubig.
- Huwag maglakad o magmaneho sa mga binahang mga kalsada. Ang pagkatipon ng tubig ay maaaring makakaapekto sa kaligtasan ng mga kalye at mga bangketa.

Pinapaalalahanan din ang mga residente na hindi mag-skate sa mga ilog, batis, lawa (kabilang ang mga lawa sa stormwater), reservoirs, wetlands, at marshes, dahil hindi ito ligtas dahil sa bumababang mga temperature na dulot ng natutunaw na niyebe at yelo, at kakulangan ng superbisyon. Nagpapatupad ang Lungsod ng Brampton ng mga karatula sa mga lokal na ilog at lawa para i-discourage ang mga residente mula sa pag-skate sa mga ito, Paglabag sa [Ordinansa ng Lungsod sa mga Lupain ng Parke](#) ang mag-skate sa lawa o watercourse maliban sa mga itinalaga at minarkahan para sa skating. Maaaring ipataw ang mga multa na hanggang sa pinakamataas na \$5,000 para sa hindi pagsunod.

Para sa karagdagang mga tip tungkol sa kung paano maging ligtas sa spring at isang kumpletong talaan ng mga kontak at resource sa pagbaha, bisitahin ang www.brampton.ca



Service and Information Update

KONTAK NG MEDIA

Gurvinder Singh
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-2028 | Gurvinder.A.Singh@brampton.ca